**[Sa mga binaha ang bahay at halamanan]**

Kung ang inyong bahay ay napasukan ng tubig na may putik, mangyaring hugasan o linisin ito ng maigi at pagkatapos ay patuyuin bago disimpektahin. Ang pagdidisimpekta, kung ito ay marumi pa ay walang epekto. Mangyaring hugasan o linisin ang mga pader at ang halamanan at ito ay patuyuin.

## ① Paglilinis ng Sahig

(1) Pagkatapos maglinis at matuyo ang tubig, ang mga nabasang tatami at mga bagay na hindi na kailangan sa loob ng bahay ay dapat ng itabi.
(2) Ang mga maruming kasangkapan, sahig, dingding at iba pa ay dapat na lubusang linisin ng tubig o punasan ng telang basa at mangyaring patuyuin nang lubusan.
(3) Mangyaring lubusan hugasan at linisin ng tubig ang mga pinggan at mga bagay na ginagamit sa pagluluto.
(4) Mangyaring punasan ito maigi ng telang basa sa tubig na may kaunting disimpektant at pagkatapos ay lubusang patuyuin.

## ②Paglilinis sa Buong Bahay at Ilalim ng Sahig

Pagkatapos tanggalin ang mga putik, lupa o buhangin, mangyaring banlawan maigi ng tubig at patuyuin ng lubusan.
Kung may natirang lupa, buhangin at tubig sa ilalim ng sahig, baka mas maging sanhi ito ng pagkasira ng bahay.

(1) Mangyaring linisin maigi ang putik at mga basura.
(2) Hugasan maagi ng tubig ang putik na dumikit sa mga halaman o puno ng inyong hardin, pader o dingding.
(3) Tanggalin ang mga basurang nakasagabal sa bentilasyon sa ilalim ng sahig upang maging maayos ang daraanan ng hangin.
(4) Pagkatapos tanggalin ang putik sa ilalim ng sahig, punasan ng tela at siguraduhing wala ng natirang tubig bago ito patuyuin gamit ang electric fan.

## ③ Pag didisimpekta

Kapag gumagamit ng disinfectants, basahin nang maingat ang mga tagubilin at mag-ingat na huwag maging sanhi ng aksidente
(Mangyaring huwag ito ilagay sa lalagyan ng inuman upang walang magkamali na inumin ito. Siguraduhing ubusin ang buong disimpektant at walang matitira sa pinag lalagyan nito.

**(1) Mga lugar na dapat disimpektahan**

Sa loob ng bahay (sa sahig, dingding at tans na nabasa ng maruming tubig)

**(2) Paano gumawa (halimbawa)**

Ang 10ml na tubig ay lagyan ng 10% ng benzalkonium chloride upang makagawa ng 2L sa kabuuan.

**(3) Paano Gamitin**

Banlawan ng tubig ang dumi tulad ng putik at punasan ito maigi ng tela. Pagkatpos ito mapatuyo ng lubusan ay punasan ito ng tela na binasa sa disimpektant. (Kung gagamit ng mist na spray, ispreyan ito na medyo basa-basa, pagkatapos hayaan itong matuyo sa pamamagitan ng pagdaloy ng hangin. Walang epekto ang disimpektant kung ito ay madumi at pinunas sa maduming lugar.

※ Siguraduhing naka guwantes (rubber gloves) kapag gumamit ng disimpektant at maging maingat na huwag hawakan ang katawan o mata.
Kung nadampian ang inyong katawan siguraduhin mag anlaw sa tubig gamit ang sabon. Kapag napasukan ang inyong mata, hugasan agad ito ng tubig at ibabad ng 15 minutos pagkatapos ay magpatingin sa doktor.

※ Mangyaring hugasan maigi ng tubig ang pinaglagyan ng disimpektant pagkatapos ito gamitin.